***TITLE:*** *Hanggang Ngayon*

***SINULAT NI:*** *Mary Lou Alacapa*

***FRAME NO. 1***

**TOP CAP:** Tapos na ang klase ng magkaibigang Reese at Jenna. Naglalakad na silang dalawa pauwi nang may biglang ipinagtapat si Reese sa kaibigan.

**TEXT:**

Reese: Jenna, magdadrop-out na ako.

Jenna: Bakit? Anong problema?

Reese: Wala na akong ipambabayad ng tuition.

Jenna: Yung tito Henry mo naman nagpapaaral sayo di ba?

Reese: Itinigil na niya ang pagbibigay simula nung mamatay si Papa..

**SFX:** "Honk" at "Beep" ng mga sasakyan sa paligid

**ILLUSTRATION:**

Naglalakad ang matalik na magkaibigan sa gilid ng Burgos Highway. Maraming mga dyip at tricycle na dumadaan sa kahabaan ng naturang highway.

Pareho silang nakasuot ng uniporme: itim na pantalon at puting blusa na may burda ng logo ng ABC University sa kanang bahagi ng dibdib.

Si Reese Manalo, 18 taong gulang, ay may balingkinitang pangangatawan, maputi, matangos ang ilong, medyo malamlam ang kanyang mga mata, nakatali ang kanyang buhok na hanggang balikat. May dala siyang maliit na itim na shoulder bag. Hawak-hawak niya sa dalawang kamay ang dalawang libro at isang file case. Nakasuot siya ng itim na sapatos na may takong.

Si Jenna Regala, 18 din, ay mas mababa ng kaunti kay Reese. Mahaba ang buhok na nakaayos sa pagkakaheadband. Siya ay medyo may katabaan, kayumanggi, at katamtaman ang tangos ng ilong, at maganda ang pares ng kanyang mga mata. May dalang itim na backpack. Nakasuot din siya ng itim na balat na sapatos na may takong.

**FRAME 1**

**TOP CAP:** Labis ang panghihinayang ng kanyang best friend…

**TEXT:**

Jenna: Sayang naman..

Reese: Well, ganyan talaga ang buhay.

Jenna: Haaay…

Reese: Kung hindi lang sana biglang namatay si Papa..

Jenna: Don't worry, dito pa rin ako para sa iyo, best friend.

Reese: Thanks!

**ILLUSTRATION:**

Patuloy pa rin sa paglalakad ang dalawa. Magiging mas malamlam ang mga mata ni Reese sa pakikipag-usap sa kaibigan.

**FRAME 2**

**TOP CAP:** Pagdating ni Reese sa bahay

**TEXT:**

Reese: (whisper) Kailangan ko ring kumilos bilang pangalawang anak.

**ILLUSTRATION:**

Nakapagpalit na ng pambahay si Reese. Nag-aayos na siya ng mga gamit sa loob ng kuwartong pinaghahatian nilang magkakapatid na babae habang nag-iisip ng malalim. Nakakunot ang noo. Magulo at medyo madumi ang kuwarto. Nakakalat ang mga laruan ng kanyang mga nakababatang kapatid.

**FRAME 3**

**TOP CAP:** Hapunan na. Wala pa rin ang Mama nila.

**TEXT:**

Rowena: Kain lang nang kain. Ipinagtabi ko na si Mama.

**ILLUSTRATION:**

Si Rowena, 21 taong gulang, ang panganay sa anim na magkakapatid. May mahabang buhok, may tangkad na 5'5", at may katabaan. Nakasuot siya ng daster na bulaklakin. Pinapakain ang mga kapatid kasama na si Reese. Magulo na ang kanyang buhok dahil pinaglalaruan ng bunsong kapatid na buhat-buhat niya.

Siksikan ang sampung magkakapatid na nasa hapag kainan: Si Rowena, si Reese, at apat na lalaking mukhang magkakasunod ang edad, at tatlo pang babae. Ang isa ay yung buhat ni Rowena.

**FRAME 4:**

**BOTTOM CAP:** Ganito ang buhay nila araw-araw. Humahabol lang sa hapunan si Aling Rosa.

**TEXT:** Tinanggal ako sa patahian. Nagbabawas kasi ngayon ng tauhan sa pabrika.

**ILLUSTRATION:**

Si Aling Rosa, ang kanilang ina ay sumabay na sa hapunan. May payat itong katawan at hapis ang mukha. Nakapusod ang buhok na may naglalabasan nang mga puting buhok. Nakasuot ng salamin sa mata na malamlam din.

**FRAME 1**

**TOP CAP:** Dahil sa hindi man lang nakatapos ng kolehiyo si Rowena ay nahirapan siyang maghanap ng trabaho.

**TEXT:**

Reese: Ako na lang ang maghahanap, Ate.

Rowena: Mabuti pa nga. Dito na lang ako sa mga bata.

**ILLUSTRATION:**

Nasa sala ang magkapatid na babae. Pareho silang nakasuot ng daster. Si Rowena ay nag-uugoy ng duyan ng sanggol na kapatid habang si Reese naman ay nagtutupi ng mga labadang damit.

**FRAME 2**

**TOP CAP:** Kinabukasan ay nag-aaply na sa isang fast food chain si Reese.

**TEXT:**

Supervisor: Pumila lang po nang maayos.

**ILLUSTRATION:**

May mahabang pila ng mga aplikante ang naghihintay sa labas ng opisina. Abala ang lahat sa pag-aayos ng sarili at ng mga papeles na dala nila. Nakatayo ang babaeng supervisor sa unahan ng linya. Maputi ito, may tangkad na 5'3" at balingkinitan. Nakatali nang maayos ang buhok nito. Nakasuot siya ng pares na palda at blusa na may kasamang blazer.

**FRAME 3**

**BOTTOM CAP:** May bagay na natagpuan si Reese sa paanan niya.

**TEXT:** (whisper) Ano kayang gagawin ko dito?

**ILLUSTRATION:**

Napaluhod si Reese dahil sa pagpulot ang kulay itim na wallet sa kanyang paanan. Pagbukas ay may makikitang ID ng isang lalaking may posisyon sa restaurant na kanyang inaaplayan. Sa larawan nito ay makikitang may magandang pares ng mga mata, matangos na ilong, at mga maninipis na labi ang nagmamay-ari ng naturang wallet.

**FRAME 4**

**TOP CAP:** Makaraan ang isang lingo ay tinanggap na si Reese bilang isa sa mga crew.

**TEXT:**

Supervisor: Maaari ka nang magsimula bukas.

Reese: Salamat po. Maasahan niyo po ang aking kasipagan.

Supervisor: Sige, bukas na bukas din ay ipapakilala kita sa magiging bisor mo.

**ILLUSTRATION:**

Nasa loob ng opisina ang dalawa. Nakatayo silang pareho habang nagkakamayan. May mga larawan ng pamilya kasama ang lalaking may-ari ng wallet. Kulay asul ang mga blinds na tumugma sa kulay asul na pintura ng silid. Mayroon ding mga plake sa shelves at ilang libro tungkol sa Proper Food Sanitation, Business Management, Marketing, atbp.

**FRAME 5**

**TOP CAP:** Kinabukasan.. Nakilala na niya ang may-ari ng wallet na napulot niya.

**TEXT:**

Supervisor: Si Joel, bisor mo. Siya rin ang may-ari ng ID na napulot mo.

Reese: (whisper) Mas gwapo yata siya sa personal.

**ILLUSTRATION:**

Nagtama ang paningin ng dalawa. Parehong natulala habang nakangiti ang dalawa. Ito ang lalaking nakita niya sa mga larawan. Matangkad ito, kayumanggi, mahaba ang mga pilikmata na nakapagpadagdag sa maamo nitong mga mata.

**PAGE 4**

**FRAME 1**

**BOTTOM CAP:** Si Joel ang nagturo sa kanya ng lahat ng pasikot-sikot sa trabaho.

**TEXT:**

Joel: Basta dapat ay kabisado mo ang mga codes ng bawat meal, ok?

Reese: Ok po, Sir.

**ILLUSTRATION:**

Suot na ni Reese ang uniporme ng mga crew sa naturang restaurant. Striped na asul at puting polo na may logo ng restaurant, at asul din na pantaloon. May crew hat na rin siya at button pin na nakaguhit na Smiley face at “I’m happy to serve you” sa ibaba nito. Siya ang isa sa mga kahera. Nasa likod si Joel na nakangiting umaalalay sa kanila. May ilang crew ang nakatingin sa dalawa at nakangiti rin.

**FRAME 2**

**TOP CAP:** Naghihinala na ang mga kasamahan ni Reese tungkol sa kanila ni Joel.

**TEXT:**

Cayin: Uy, ikaw ha, kinacareer mo na si Sir!

Red: Ano ba talaga ang real score sa inyo?

Reese:		Kayo talaga, tinuturuan lang ako ni Sir.

**ILLUSTRATION:**

Pauwi na ang tatlo. Makikita sa likuran ang restaurant na kanilang pinagtratrabahuhan, ang Blue Wave Fast Food. Pare-pareho silang naka-uniporme pa rin. Si Red ay isang lalaking medyo may kapayatan, maputi, at kulot ang buhok nito, may dala itong malaking backpack. Si Cayin naman ay matangkad nang kaunti kay Red, maputi, singkit ang mga mata, at katamtaman ang pangangatawan.

**FRAME 3**

**TOP CAP:** Di naglaon ay naging magkasintahan na ang dalawa.

TEXT:

Reese:		Cge na, mahal na ang babayaran mo sa bill.

Joel:		Okay lang, “mahal na mahal” ko naman yung kausap ko eh.

Reese:		Ang sweet mo naman…

**ILLUSTRATION:**

Nasa magkabilang linya sina Joel at Reese. Parehong nangingislap ang kanilang mga mata at mababakas ang kaligayahan sa mga ito.

**FRAME 4**

**BOTTOM CAP:** Hanggang sa humantong na sila sa kama.

**ILLUSTRATION:**

Nasa loob na ng isang maliit na silid ang dalawa, magkayakap habang natutulog. Kumot na lang ang nakatakip sa kanilang mga katawan.

**FRAME 1**

**TOP CAP:** Kamakalawa ay wala na ang binata…

**TEXT:**

Reese: Uy, Cayin, nakita mo ba si Sir Joel?

Cayin: Di mo ba alam? Kahapon yung flight niya papuntang States.

Reese: (whisper) Bakit hindi nya sinabi sa akin.

**ILLUSTRATION:**

Nag-uusap ang dalawa habang nagliligpit ng mga kinainan ng mga kostumers.

**FRAME 2**

**TOP CAP:** Pagdating sa bahay ay nagkulong sya sa silid at umiyak…

**FX:** huh u huhu

**TEXT:**

Reese: (whisper) Bakit mo nagawa sa akin ito? huhuhu

**ILLUSTRATION:**

Nakaupo si Reese sa kama, nakasuot ng maong na shorts at Tshirt. Nakadukdok ang mga kamay sa tuhod habang umiiyak. Makikita ang mga nagkalat na gamit sa paligid ng silid.

**FRAME 3**

**TOP CAP:** Sa loob lang ng isang taon ay napromote siya bilang Supervisor dahil sa dedikasyon sa trabaho.

**TEXT:**

Reese: (whisper) Kailangan kong magpakasipag lalo para kay Reeselle.

(kausap ang bata) Baby, alam mo, mahal na mahal ko pa rin ang Daddy mo hanggang ngayon.

**ILLUSTRATION:**

Pinapanood ni Reese ang kanyang baby girl na maputi, matangos ang ilong, mahaba ang pilikmata at maninipis ang mga labi. Habang natutulog sa kuna. Nasa tabi nito si Aling Rosa at Rowena na siyang nagbabantay sa bata.

**FRAME 4**

**TOP CAP:** Habang nag-aassist si Reese sa isang baguhang kahera..

**TEXT:**

Reese: Is that all Sir? Baka gusto mong dagdagan ng “HAPPY MEAL”?

Joel: Huh? Bakit?

Reese: Paborito kasi yun ng anak mo.

**ILLUSTRATION:**

Maganda pa rin ngunit maikli na ang buhok ni Reese kaya hindi siya agad namukhaan ng binata. Nasa counter rin si Reese kasama ang isang kahera tinuturuan niya. Si Joel naman ay ganun pa rin, walang pinagbago ang hitsura ngunit pumayat ng kaunti.

***~ THE END ~***